Republic of the Philippines
**Department of Education**

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 263 , s. 2007

JUL 09 2007

GAWAD KOMISYON 2007

Sa mga: Direktor ng Kawanihan
Direktor Panrehiyon
Superintendent ng mga Paaralan
Pangulo/Pinuno ng mga Paaralang Pribado

1. Alinsunod sa Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997, taunang ipinagdiriwang ang Buwan ng Wikang Pambansa tuwing Agosto 1-31, na pinangungunahan ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF). Para sa taong 2007, ang tema ng pagdiriwang ay "Maraming Wika, Matatag na Bansa". Bahagi ng pagdiriwang na ito ay ang pagdaraos ng Gawad Komisyon 2007.

2. Ang Gawad Komisyon 2007 ay patimpalak sa pormal na pagsulat na itinataguyod ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) kaugnay ng pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa (Agosto 1-31, 2007).

3. Ang Gawad Komisyon para sa taong ito ay kinabibilangan ng mga patimpalak sa sumusunod na wika at kategorya:

a. Wikang Filipino (maikling kuwentong pambata at sanaysay (Gantimpalang Collantes);
b. Sugbuanong Binisaya (tula at maikling kuwento);
c. Iluko (tula at maikling kuwento);
d. Hiligaynon (tula at maikling kuwento);
e. Kapampangan (tula);
f. Bikol (sanaysay at maikling kuwento);
g. Pangasinan (tula at maikling kuwento);
h. Samar-Leyte (tula at maikling kuwento);
i. Meranao (sanaysay);
j. Maguindanao (sanaysay); at
k. Tausug (sanaysay).

4. Kalakip ang mga tuntunin sa mga patimpalak para sa inyong patnubay.

5. Maaaring dumulog sa sumusunod na website ng KWF para sa mga karagdagang impormasyon: http://wika.pbwiki.com.

6. Hinihiling ang maaga at dagliang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

JESLI A. LAPUS
Kalihim

Kalakip:
Gaya ng nasasaad

Sanggunian:
Memorandum Pangkagawaran: Blg. 238, s. 2006

Pamumudmod: 1—(D.O. 50-97)

Ilalagay sa Palagiang Talatunan
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

CELEBRATIONS & FESTIVALS
CONTESTS
Learning Area, FILIPINO

Madel:c:Gawad Komisyon
6-15-078

## GAWAD KOMISYON 2007

Ang **GAWAD KOMISYON 2007** ay patimpalak sa pormal na pagsulat na itinataguyod ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) kaugnay ng pagdiriwang ng **Buwan ng Wikang Pambansa (Agosto 1-31, 2007).**

Ang Gawad Komisyon para sa taong ito ay kinabibilangan ng mga patimpalak sa sumusunod na wika at kategorya: **(1) Wikang Filipino** (maikling kuwentong pambata at sanaysay [Gantimpalang Collantes]; **(2) Sugbuanong Binisaya** (tula at maikling kuwento); **(3) Iluko** (tula at maikling kuwento)**; (4) Hiligaynon** (tula at maikling kuwento); **(5) Kapampangan** (tula); **(6) Bikol** (sanaysay at maikling kuwento); **(7) Pangasinan** (tula at maikling kuwento); **(8) Samar-Leyte** (tula at maikling kuwento); **(9) Meranao** (sanaysay)**; (10) Maguindanao** (sanaysay); at **(11) Tausug (sanaysay).**

### MGA TUNTUNIN:

1. Bukas ang patimpalak sa lahat ng manunulat, di kasali ang mga kawani ng KWF at kanilang kaanak.

2. Ang lahok ay kailangang orihinal, hindi salin mula sa ibang wika, hindi pa nanalo ng major prize sa ibang patimpalak at hindi pa nailalathala.

3. Ang mga lahok ay walang pagkakakilanlan kahit pangalan. May hiwalay na pormularyo na makukuha sa KWF o sa http:/wika.pbwiki.com para sa pangalan, address at iba pang impormasyon. Kinakailangang nakanotaryo ang nasabing pormularyo.

4. Ang paksa para sa sanaysay sa Filipino, Bikol, Meranao, Maguindano, at Tausug ay "Maraming wika, matatag na bansa" o anumang temang nakatuon sa dibersidad pangwika at pangkultura o pagkakakilanlang etniko. Maaari din itong maging pagsusuri sa mga akdang pampanitikan ng isang awtor sa kinabibilangan niyang wika.

5. Malaya ang paksa sa patimpalak sa tula at maikling kuwento. Ang paksa sa maikling kuwentong pambata sa Filipino ay nakatuon sa mambabasa na may labindalawang (12ng) taon pababa.

6. Haba. Para sa sanaysay, labinlima (15) hanggang tatlumpung (30ng) pahina. Para sa tula, isang koleksyon na binubuo ng pito (7) hanggang sampung (10ng) tula. Para sa maikling kuwento, sampu (10) hanggang dalawampung (20ng) pahina. Para sa maikling kuwentong pambata, hindi hihigit sa labindalawang (12ng) pahina. Ang mga lahok ay kailangang maging makinilyado o kompyuterisado (Font 12-Arial), dobleng espasyo

sa 8 1/2 x 11 na bond paper at may palugit na isang (1ng) pulgada sa itaas, sa ibaba, at magkabilang tabi.

7. Kailangang maglakip ng apat (4) na hard copy at isang electronic file ang bawat lahok.

8. Isang lahok lamang sa bawat kategorya ang maaaring isumite ng isang indibidwal.

9. Para sa gantimpala sa bawat kategorya:

| | |
|---|---|
| **Unang Gantimpala -----------------------** | **Php 15,000.00 + plake** |
| **Ikalawang Gantimpala -------------------** | **10,000.00 + plake** |
| **Ikatlong Gantimpala ---------------------** | **8,000.00 + plake** |
| **Tatlong (3) Karangalang Banggit------** | **2,000.00 + sertipiko** |

Lahat ng lalahok sa patimpalak ay tatanggap ng KATUNAYAN NG PAGLAHOK sa araw ng pagsusumite ng lahok sa tanggapan.

10. Ang pasya ng inampalan ay pinal at di maipaghahabol. Lahat ng mga lahok na nanalo ay pag-aari ng KWF at karapatan nito ang pagpapalimbag na walang tatanggaping royalty ang may-akda.

11. Ipadala o personal na isumite ang lahok bago dumating ang ika-5:00 ng hapon sa Hulyo 27, 2007. Kung ipadadala sa email, isama bilang attachment (sa format na MS Word document) ang akda at ang sinagutan at nilagdaang pormularyo ng KWF.

**Komisyon sa Wikang Filipino**
**G/F Watson Bldg., 1610 JP Laurel St.**
**Malacanang Palace Complex, San Miguel, Maynila**
**Tel. Blg. 7363832 / email add: gawad2007_kwf@yahoo.com. ph**